Mensahe Siyam

Mga Haligi at mga Luminaryo

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 3:7-13; Fil. 2:12-16

I. Upang maging mga haligi sa loob ng Tres-unong Diyos, kailangan nating tahakin ang itinalagang landas ng Diyos para sa ekklesia, ang daan ng Filadelfia; tanging ang nabawing ekklesia, isinasagisag ng ekklesia sa Filadelfia, ang makatutupad sa walang hanggang layunin ng Diyos at makasisiya sa nais ng Kanyang puso—Apoc. 3:7-13; cf. 21:22:

A. Ang mga nananaig na mananampalataya sa Filadelfia ay mga haligi na nakaaalam ng kasalukuyang katotohanan, tinatanganan ang pagiging lubusan ng katotohanan, at nabubuoan ng katotohanan para sa ekklesia bilang haligi at saligan ng katotohanan—2 Ped. 1:12; 1 Tim. 3:15-16.

B. Ang mga nananaig na mananampalataya sa Filadelfia ay matibay na pinanghahawakan kung anong mayroon sila, at ang mayroon sila ay "ang ministeryong ito," ang namumukod-tanging Bagong Tipang ministeryo; sa katunayan, ang pagbabawi ng Panginoon ay ang ibalik tayo sa namumukod-tanging ministeryo ng Bagong Tipan—Apoc. 3:11; 2 Cor 4:1:

1. Ang ministeryo ng Espiritu ay ang ministeryo ng bagong tipan upang tayo ay mapaging-diyos sa pamamagitan ng pagsusulat sa ating mga puso gamit ang Espiritu ng buháy na Diyos bilang dibino at mistikong "tinta," ginagawa tayong mga buháy na liham ni Kristo—ito ay pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag—3:3, 6, 8, 18; 4:1; cf. Apoc. 2:7b; 22:17a.
2. Ang ministeryo ng katuwiran ay ang ministeryo ni Kristo bilang ating obhektibong katuwiran para sa ating pag-aaring matuwid at bilang ating subhektibong katuwiran na "naiburda" tungo sa atin sa pamamagitan ng nagtatranspormang gawain ng Espiritu para sa pamumuhay at tunay na kahayagan ni Kristo sa organikong pagliligtas ng Diyos—ito ang Diyos-taong pamumuhay—2 Cor. 3:9; Awit 45:1, 13-14; Roma 5:10.
3. Ang ministeryo ng pakikipagkasundo ay ang ministeryo na ipinakikipagkasundo ang sanlibutan kay Kristo sa pamamagitan ng kapatawaran ng mga kasalanan para sa kanilang pambatas na katubusan at ipinakikipagkasundo ang mga mananampalataya kay Kristo upang sila ay maging mga taong namumuhay sa espiritu, sa dakong Banal ng mga Banal, para sa kanilang organikong kaligtasan—ito ang pagpapastol sa mga tao ayon sa Diyos—2 Cor. 5:18-21; 1 Ped. 5:1-4.
4. Ang paraan upang mapasakdal bilang haligi ay sa pamamagitan ng paghawak nang matibay sa ministeryong ito, pagpipista sa mga positibong nilalaman ng ekonomiya ng Diyos, pananatili sa kasalukuyang daloy ng pagkilos ng Panginoon sa ilalim ng Kanyang pagkaulo, at paglayo mula sa kamatayan at pagkakabaha-bahagi—2 Tim. 3:10; 1 Tim. 4:15; Roma 8:6; 16:17; 1 Juan 2:18-20; 1 Cor. 11:19; Bil. 16:3, 7.

C. Ang katangian ng mga mandaraig sa Filadelfia ay ang kanilang pagdating sa pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag ng ekonomiya ng Diyos:

1. Isang ekklesia sa Asia ang namumukod-tangi at lubos na pinahalagahan ng Panginoon—ang ekklesia sa Filadelfia; pinahalagahan sila ng Panginoon sapagkat tinupad nila ang Kanyang salita, na nangangahulugang hindi sila tumalikod mula sa salita ng pagtuturo ng mga apostol, ang malusog na pagtuturo tungkol sa ekonomiya ng Diyos, ang pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag—Apoc. 3:8; 2 Tim. 3:16-17; 1 Tim. 1:3-4.

2. Ang maging mga haligi sa templo ng mga mandaraig ay nangangahulugang sila ay magiging mga haligi sa loob ng Tres-unong Diyos, sapagkat ang templo ay "ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero"; ang Diyos ay itinatayo tungo sa kanila upang gawin silang mga buháy at mahahalagang bato, at sila ay itinatayo tungo sa Diyos upang gawin silang mga haliging bato sa loob ng Diyos para sa kanilang pakikipaglakip sa Diyos bilang mutuwal na tahanan ng Diyos at tao—Apoc. 3:12a; 21:22, 3; Awit 90:1; Juan 14:23; cf. 1 Hari 7:15-22.
3. Na ang pangalan ng Diyos, ang pangalan ng Bagong Herusalem, at ang bagong pangalan ng Panginoon ay nakasulat sa mga mandaraig ay nagpapahiwatig na kung ano ang Diyos, ang kalikasan ng Bagong Herusalem, at ang persona ng Panginoon ay pawang naisagawa tungo sa kanila, nilalagyan sila ng label na Tres-unong Diyos at ginagawa silang Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—Apoc. 3:12b; 22:4b.

D. Ang katangian ng mga mandaraig sa Filadelfia ay ang kanilang Diyos-taong pamumuhay sa pamamagitan ng pagtatamasa sa kayamanan ni Kristo—3:7; Isa. 22:15, 20-24:
1. Ang mga mandaraig sa Filadelfia ay may kaunting kapangyarihan; ipinahihiwatig nito na ang nakalulugod sa Panginoon ay hindi ang paggawa natin ng marami para sa Kanya kundi ang paggawa natin ng ating pinakamainam para sa Kanya gamit ang kung anong mayroon tayo—Apoc. 3:8; 2 Cor. 12:7-10; Marc. 14:8.
2. Ang mga mandaraig sa Filadelfia ay tumutupad at umiibig sa salita ng Panginoon, na higit na mabuti sa kanila "kaysa libo-libong pirasong ginto at pilak" (Apoc. 3:8; Awit 119:72, 140); tinatanggap nila ang Kasulatang inihinga ng Diyos sa pamamagitan ng lahat ng panalangin upang maging mga tao ng Diyos na may hininga ng Diyos at sa pamamagitan ng pananatili sa malusog na pagtuturo ng ekonomiya ng Diyos (Efe. 6:17-18; 2 Tim. 3:14-17; cf. 1 Tim. 6:3-4).
3. Ang mga mandaraig sa Filadelfia ay hindi ikinakaila ang pangalan ng Panginoon (Apoc. 3:8); tinatalikuran nila ang lahat ng pangalan maliban sa pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo, at tumatawag sila sa pangalan ng Panginoon upang matanggap ang Kanyang kayamanan (Roma 10:9-10, 12-13), hayagang ipinahahayag na si Hesu-Kristo ay Panginoon sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama (Fil. 2:11).

E. Ang katangian ng mga mandaraig sa Filadelfia ay ang kanilang pangkapatirang pag-ibig; ang pag-ibig ay nananagumpay sa gitna nila kaya't kanilang pinapastol ang mga tao ayon sa Diyos, yaon ay, ayon sa umiibig at nagpapatawad na puso ng kanilang Amang Diyos at nagpapastol at naghahanap na espiritu ng kanilang Tagapagligtas na si Kristo:
1. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng pag-ibig sa Panginoong Hesus; ang mga mandaraig sa Filadelfia ay tumatayo sa tunay na batayan ng kaisahan, iniingatan ang kanilang sarili sa pag-ibig ng Diyos upang ibigin ang Panginoon, at ibigin ang lahat ng kapatid—Jud. 20-21; 2 Cor. 5:14; Juan 12:3; Luc. 7:47; 1 Juan 3:14-16; cf. Awit 133.
2. Ang ibiging maging una sa ekklesia ay laban sa pagkuha sa Panginoon bilang ating unang pag-ibig sa pamamagitan ng pagbibigay sa Kanya ng unang puwesto sa lahat ng bagay—3 Juan 9; Col. 1:18b.
3. Sa mga buháy na grupo, kailangang managumpay ang pag-ibig; una tayong inibig ng Diyos na anupa't nilalinan Niya tayo ng Kanyang pag-ibig at pinasibol sa loob natin ang pag-ibig na ipinang-iibig natin sa Kanya at sa mga kapatid—1 Cor. 12:31b; 13:4-8, 13; 1 Juan 3:14.

F. Ang daan ng Filadelfia ay ang daan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos na inihayag sa Awit 23, ang daan ng pagpapastol ni Kristo sa ekklesia sa Kanyang makalangit na ministeryo upang ipamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa ating katauhan

nang sa gayon tayo ay maipamuhay ang buhay ng isang Diyos-tao upang marating ang pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag.

II. Sa gitna ng madilim at napasamang sanlibutan, ang ating pangsyon ay ang magliwanag bilang mga luminaryo, tinatanganang may pagtatanyag paitaas ang salita ng buhay—Fil. 2:12-16:

A. Si Kristo ang araw, kasama ang ekklesia bilang buwan at ang mga mananampalataya bilang mga planeta upang ianinag Siya sa pamamagitan ng pagtangang may pagtatanyag paitaas ng salita ng buhay; ang tanganang may pagtatanyag paitaas ang salita ng buhay ay ang iaplay ito, ilahad ito, at ihandog ito sa sanlibutan sa pamamagitan ng pamumuhay kay Kristo—Gawa 5:20.

B. Ang Diyos na gumagawa sa loob natin (Fil. 2:13) ay ang nagtutustos na Espiritu (1:19), ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli (3:10), at ang nagpapalakas na Kristo (4:13); ang magliwanag bilang mga luminaryo (2:15) ay ang dakilain si Kristo (1:20), at ang tanganang may pagtatanyag paitaas ang salita ng buhay (2:16) ay ang ibuhay si Kristo (1:21a).

C. Kailangan nating hangarin na makilala si Kristo bilang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli, ang panloob na gumagawang Diyos, ang Isa na nagpapalakas sa atin, upang magliwanag bilang mga luminaryo sa sanlibutan para sa Kanyang pagdadakila—3:10; 2:13; 4:13; 1:20.

D. Ang kapangyarihan na pisikal na nagpalaya kay Pedro mula sa bilangguan ay ang kapangyarihan ng Diyos, ngunit ang kapangyarihan na naranasan ni Pablo habang nananatili sa bilangguan ay ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli—Gawa 5:18-20; Fil. 1:19; 3:10:

1. Sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos, ang intensiyon ng Diyos ay hindi ang panlabas na himala kundi ang panloob na himala; ang panloob na kahanga-hangang hiwaga ay yaong si Kristo bilang Espiritu ay naisasagawa tungo sa atin upang maging ating kaligtasan, panloob na nagtutustos, nagpapatibay, at nagpapalakas sa atin sa ating kahinaan upang maisinag si Kristo—2 Cor. 12:7-10.
2. Ang nagpapalakas na Kristo ay ang lihim sa ating pagsisinag kay Kristo para sa Kanyang kahayagan sa anumang uri ng kapaligiran o sirkumstansiya, at ang lihim ng lihim na ito ay ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ni Hesu-Kristo sa ating espiritu bilang ating pang-araw-araw at sandali kada sandali na kaligtasan—Fil. 1:19; 4:23.

E. Ang mga pagbubulong-bulong at mga pangangatwiran ay kapwa humahadlang sa atin mula sa pagdaranas at pagtatamasa kay Kristo nang sa gayon ay magliwanag Siya sa atin at sa pamamagitan natin para sa Kanyang kaluwalhatian—2:14:

1. Ang mga pagbubulong-bulong ay mga di-pagkakontento at lihim na pagrereklamo at pag-angal, kabilang ang paghahanap ng mali, lihim na pagdedebate, di-nasiyahan, at pagrereklamo, “ni magbulong-bulong, gaya ng ilan sa kanila na nagbulong-bulong at nilipol ng tagapuksa”—1 Cor. 10:10.
2. Ang mga pangangatwiran ay mga pagtatalo at mga talakayan na may bahid ng paghihinala o pagdududa; kabilang dito ang mga pagtatanong at pagdududa at pagbuo ng mga hinuha o mga kongklusyon—cf. 1 Tim. 1:3-6; 6:3-4; 2 Cor. 11:2-3.
3. Ang mga mapagrebelde at mapanlait na salita ay nagmumula sa mga pangangatwiran; ang isang lingkod ng Panginoon ay kailangang maligtas mula sa mga pangangatwiran, na nililiwanagan ng Panginoon upang magkaroon ng “pinagpalang pagkabulag” upang mamuhay sa ilalim ng pagkaulo ni Kristo sa kinasasaklawan ng buhay sa ilalim ng awtoridad ng liwanag at hindi sa kinasasaklawan ng tama at mali sa ilalim ng awtoridad ng kadiliman—Gawa 22:10; Col. 1:12-13; Roma 9:20-21; 11:34; cf. Gawa 16:25.

4. Ang pagrerebelde ng tao ay naipakikita sa mga salita, mga pag-iisip, at mga pangangatwiran; ang mga pag-iisip at mga pangangatwiran ay mga kuta ni Satanas, ang katunggali ng Diyos, sa loob ng mga isip ng mga sumusuway sa Diyos; sa pamamagitan ng espiritwal na pakikipagdigma, ang mga pangangatwiran ay kailangang magiba, at ang bawat kaisipan ay kailangang bihagin upang sumunod kay Kristo—2 Cor. 10:3-5.
5. Sa tuwing inuutusan ng Panginoon ang Kanyang bayan na gumawa ng isang bagay sa Levitico 18—22, isinisingit Niya ang mga salitang "Ako si Jehovah" sa pagitan ng mga utos; wala man lamang salitang *dahil*—"Ako si Jehovah" ang dahilan.

F. Ang paraan upang maligtas mula sa mga pagbubulong-bulong at mga pangangatwiran upang maipamuhay si Kristo at maisinag si Kristo bilang Kanyang mga luminaryo ay ang manatili sa pakikipag-ugnayan sa Kanya bilang ating panloob na naggaganyak na kapangyarihan sa pamamagitan ng pagtatamasa sa Kanya bilang salita ng buhay, nananatili sa pakikipagsalamuha sa Kanya sa panalangin, at namumuhay ng isang nagagalak, nagpapasalamat, at nagpupuring buhay sa ating kamangha-manghang espiritu sa pamamagitan ng Tres-unong Diyos bilang ang kamangha-manghang Espiritu para sa maluwalhating Katawan ni Kristo—Fil. 1:19; 2:13; 3:10; 4:13; 2:15; 4:6; 1 Tes. 5:16-20.

© 2026 Living Stream Ministry